
3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 8:
## Pagbabago ng Dating Kaalaman Batay sa Binasang Teksto




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_Filipino 3_ Module 8


PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagbabago ng Dating Kaalaman Batay sa Binasang Teksto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ellainee C. Bagaslao

**Editor:** Cristy S. Agudera, Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Ignacio L. Jubahib Jr., Maricel M. Jamero, Mark Fil L. Tagsip, Glofer Jane Ubando, Christopher U. Gonzales

**Tagawasto:**

**Tagaguhit at Tagalapat:** Otniel P. Inis at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Josephine L. Fadul, Mary Jean B. Aldeguer, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagbabago ng Dating Kaalaman Batay sa Binasang Teksto

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Kumusta ka na kaibigan? Ako nga pala si Kokoy, ang makakasama mo sa araling ito. Natutuwa ako dahil nakapagbigay ka na ng wakas at naiulat na rin ang mga naobserbahang pangyayari.

Sa ikawalong modyul na ito madaragdagan ang iyong kaalaman sa pagbabasa ng mga kuwento at baka sa huli'y magbago pa ang iyong dating alam dahil tutuklas tayo ng bagong kaalaman.

Tulad ng unang dalawang modyul tawagin sina Tatay at Nanay o kahit na sinong miyembro ng pamilya para tulungan ka sa pagsagot ng modyul na ito.

Marami akong inihandang gawain na tiyak ikasisiya mo. Basahin mong mabuti ang panuto sa bawat bahagi at isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nababago ang dating kaalaman base sa mga natuklasang kaalaman sa binasang teksto (F3PB-IIj-15).



## Subukin

Tara! Maglaro tayo. Anong paborito mong laro? Ikwento mo naman. Nasa ibaba ang mga larawan ng paboritong kong laro. Gamit ang mga larawan ayusin mo ang mga letra upang makabuo ng tamang salita.

Isulat mo sa papel o kuwaderno ang iyong sagot. Maaring magpatulong sa iyong magulang.




**Gawain ng magulang/guro**

- *Ipaliliwanag ang gawain sa bata*

**Gawain ng mag – aaral**


- *Sagutin ang gawain*

1.  kulonsg kitin ____________________


2.  t a p n o e t r i ____________________

3.  mutngab psoer ____________________

4.  kusnga ____________________

5.  k i o p ____________________

# Aralin 1
# Pagbabago ng Dating Kaalaman Batay sa Binasang Teksto



## Balikan



Ang sarap talagang maglaro ng mga larong pinoy lalo na kapag kasama mo ang iyong mga kaibigan. Pero, may napansin ako sa mga bata ngayon dahil kaunti nalang ang mga naglalaro nito. Mas marami ngayon ang naglalaro ng mga mobile games. Kabilang ka ba sa kanila?

Sige nga, pumili ka ng limang laro sa kahon na mas gusto mo.

**Gawain ng magulang/guro**

- *Ipaliliwanag ang gawain sa bata*

**Gawain ng mag – aaral**

- *Sagutin ang gawain*

| | | |
|---|---|---|
| Tagu-taguan | Luksong baka | **PSP** |
| **Minecraft** | Tumbang preso | Piko |
| **Mobile Legends** | **Temple Run** | Luksong Tinik |

1. ____________________ 4. ____________________

2. ____________________ 5. ____________________

3. ____________________

# Tuklasin

Bukod sa mga nasabi ko na may iba ka pa bang alam na Larong Pinoy? O baka ngayon mo lang ito narinig dahil mas nilalaro mo ang mga Mobile Games.

Ano ba ang alam mo tungkol sa mga Larong Pinoy?
Punan ang tsart sa ibaba batay sa dati mong kaalaman tungkol sa Laro ng Lahi o Larong Pinoy at sa mga nais mo pang malaman tungkol dito.



**Gawain ng magulang/guro**

- *Ipaliliwanag ang gawain sa bata*

**Gawain ng mag – aaral**

- *Sagutin ang gawain*

| Alam Ko Na | Nais Kong Malaman |
| --- | --- |
| | |

Ang galing – galing mong sumagot kaibigan. Ngayon, Basahin mo ang maikling teksto sa ibaba. Galingan mo!



**Tara Na, Laro Tayo!**

Kapag narining mo ang salitang "Laro" ano ang unang papasok sa isip mo? Online Games? Mobile Games? Computer Games? O Larong Pinoy?

Pero alam mo bang maraming mga laro na sadyang sariling atin? Ang tawag dito ay mga Laro ng Lahi. Isa ito sa mga nagpapakilala ng ating pagiging Pilipino.Tumutulong ito sa

paghubog ng pagkakaisa natin, ang pagiging isport. Ginagawa rin nitong alisto ang isip at malakas ang ating pangangatawan. Higit sa lahat binibigyan nito ng masayang karanasan ang bawat batang Pilipino.

Sino ang hindi nakakaalam ng larong Jack en Poy?
Ito ay isang larong kinagigiliwan ng lahat, bata man o matanda. Nariyan din ang Piko na ang kailangang pamato ay puwedeng isang maliit na bato na nasa tabi-tabi lamang. Kung marami kaming goma o **rubber band**, pagdugtung-dugtungin lamang ang mga ito.

Tawagin ang mga kaibigan at lumukso habang umiikot nang pabilis ang nilubid na goma. Kapag nasabit ang iyong paa, taya ka na. Ito ang luksong lubid.

Kung gabing maliwanag ang buwan, yayain ang iyong mga kaibigan at kayo ay magtagu-taguan sa labas ng bahay. Mag-ingat lamang sa pagtatago at baka mahuli ka kaagad. Kung ayaw mo ng tagu-taguan, puwede rin na maglaro tayo ng bahay-bahayan sa loob o labas man ng bahay.

Talagang masaya ang mga Larong Pinoy dahil masusubok nito ang pisikal na pangangatawan, mas maganda pa ang aktwal na pakikipaglaro sa mga kabigan.

Ito ay ilan sa mga laro ng ating lahi na talagang napakasayang laruin. Kung iisa-isahin natin lahat hindi tayo matatapos. Kaya, tara na, laro na tayo!

**Gawain ng magulang/guro**
- Ipaliliwanag ang gawain sa bata

**Gawain ng mag – aaral**
- Sagutin ang gawain

Isulat mo sa papel o kuwaderno ang mga alam mong laro batay sa iyong nabasang teksto.



| Laro NOON | Laro NGAYON |
|---|---|
| 1.<br>2. | 1.<br>2. |

| | |
|---|---|
| 3.<br>4.<br>5. | 3.<br>4.<br>5. |

## Suriin

Kaibigan, Ngayon tayo'y matuto. Handa ka naba? Magaling!



**Gawain ng magulang/guro**

- Patnubayan ang bata sa pagbabasa

**Gawain ng mag – aaral**

- Basahin ang teksto sa ibaba

Mula sa tekstong binasa, anong kaalaman tungkol sa "Laro" ang nabago sa iyo? Nababago mo ang iyong unang kaalaman sa pamamagitan ng pagbibigay impresyon sa mga nabasa o napakinggang teksto.

Magbabago ang iyong kasalukuyang kaalaman sa isang bagay batay sa mga impormasyong nakalahad at karanasang ikinuwento sa iyo. Halimbawa, ayon sa iyong karasanan masaya ang paglalaro ng Online Games ngunit kabaligtaran naman ang paglalaro ng Larong Pinoy. Ngunit, pagkatapos mong maranasang laruin ang Larong Pinoy, mapakinggan ang mga kuwento ng mga nakaranas na laruin ito, magbabago ang iyong kasalukuyang alam dito.

Ang kailangan mo lang gawin ay basahin at unawain ang tekstong binabasa at makinig ng mabuti sa nagsasalita upang ma iproseso ng iyong isipan ang mga bagong kaalaman na iyong nalaman. Dahil sa pagbabasa at pakikinig ang iyong unang kaalaman ay maaring mabago, madagdagan pa at maging isang bagong karanasan.

## Pagyamanin

**Gawain ng magulang/guro**

- Ipaliliwanag sa bata ang gawain at patnubayan sa pagbabasa

**Gawain ng mag – aaral**

- Basahin ang teksto sa ibaba at sagutin ang mga gawain

**Gawain A**

Basahin mo ang teksto at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat mo ang iyong sagot sa papel o kuwaderno.

**Nakababagot na Araw**

Isinama ako ni Tatay Luis sa bahay ng aking mga pinsan. Noong una ayokong sumama dahil sila ay nakatira sa malayong baryo. Pero wala akong magawa.

Unang araw pa lamang ay inip na inip na ako dahil wala akong malaro.

Hindi pinadala ang PSP ko.

Wala ring **Computer Shop** sa lugar na ito. Sana nadala ko ang laruan kong **robot** at kotseng de-**remote**. Nakababagot talaga.

Kinahapunan, habang nakadungaw ako sa bintana, nakita ko ang aking mga pinsan at iba pa nilang kaibigan na masayang naghahabulan. Nagtataka ako dahil nakita kong may latang pinatumba gamit ang tsinelas, bago sila nagtakbuhan. Kitang- kita ang kasiyahan sa mukha nila.

Maya-maya, kumaway ang isang pinsan ko at pinalabas ako ng bahay. Hindi nagtagal, kasali na rin ako sa tawanan at kulitan nila. Nalaman ko na Tumbang Preso pala ang tawag sa larong iyon.

Isinali rin nila ako sa larong Patintero, Luksong-Baka, at Piko. Nawala sa isip ko ang Computer Games, pati na ang aking mga laruan.

Mga tanong:

1. Ano ang pamagat ng tekstong iyong binasa?
   a. Nakaiinis na Araw b. Nakatutuwa na Araw
   c. Nakababagot na Araw

2. Anong laro ang nakasanayan ng laruin ng bata bago pa siya nakarating sa bahay ng kanyang pinsan?
   a. Patintero b. Luksong Baka c. Computer Games

3. Anong laro ang natuklasan ng bata sa teksto na gumagamit ng lata at tsinelas?
   a. Habulan b. Patintero c. Tumbang Preso

4. Bakit nainip ang bata sa teksto? Dahil______
   a. wala siyang malaro b. marami siyang kaibigan
   c. gusto na niyang umuwi sa kanilang bahay

5. Sa iyong palagay bakit kaya nawala sa isipan ng bata ang Computer Games? Dahil__________________.

   a. may bago na siyang laruang robot.
   b. napagod na siya sa kakalaro ng computer games.
   c. mas masaya parin maglaro sa labas ng bahay ng mga Larong Pinoy.

## Gawain B


Anong mga bagong laro ang natuklasan ng bata sa teksto? Isulat ang iyong sagot sa papel o kuwaderno.

1. ________________________
2. ________________________
3. ________________________
4. ________________________
5. ________________________





## Isaisip



Nalaman kong nababago ang aking unang kaalaman sa pamamagitan ng __________________ sa mga __________________ o __________________ teksto.



## Isagawa

Makipagkuwentuhan sa iyong mga kaibigan tingnan kung may mga ideya ba sila na kakaiba sa iyo. Subuking pag-usapan kung paanong nagbago ito.





## Tayahin

Kumusta kaibigan? Ok ka pa ba? Magaling! Ngayon, pakinggan ang tula na babasahin ng iyong kapamilya at isagawa ang gawaing nasa ibaba.



**Gawain ng magulang/guro**

- Ipaliliwanag sa bata ang gawain at basahin ang tula

**Gawain ng mag – aaral**

- Makinig sa babasahin ng magulang o guro at sagutin ang Gawain

**Tsokolate, Oh tsokolate!**

*Sinulat ni: Ellainee C. Bagaslao*

Sadyang napaka sarap kumain ng tsokolate
Hugis puso at bilog ang paborito ni Ate
Matamis at malambot nakakaalis ng lungkot.

Sabi ng iba, masama daw ang dulot ng tsokolate sa katawan
Nakakasira ng ngipin at nakakadagdag bigat sa tiyan
Sagot ko naman, aba! may benepisyo din ito sa ating kalusugan.

**Anti-oxidants** ang pinakamahalagang katangian ng tsokolate
Nakakaalis ng kulubot sa mukha at nagbibigay ng makinis na kutis
Tsokolate, oh tsokolate ang sarap mo, grabe!

Ngunit mga kaibigan lagi nating tatandaan
Limitahan ang pagpasok ng tsokolate sa ating katawan
Dahil ang sobrang pagkain nito ay mauuwi lamang sa ibat-ibang karamdaman.

Nakapagpapasaya at nakababawas ito ng **stress**
Lalong-lalo na at ang panahon ngayon ay nakaka-istres
Nakakatalino din ito dahil ginagawa nitong alerto ang utak mo.

Panuto: Sagutin mo ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa papel o kuwaderno.

1. Anong pagkain ang binanggit sa tula?
   a. Kendi   b. Tsokolate   c. Tinapay

2. Ano ang pinakamahalagang katangian ng tsokolate batay sa tulang iyong narinig?
   a. Anti-oxidants   b. Masarap   c. Malambot

3. Ano-ano ang benepisyo ng pagkain ng tsokolate na binanggit sa tula?
   a. Matamis at malambot
   b. Nakakasira ng ngipin at nakakadagdag bigat sa tiyan
   c. Nakapagpapasaya at Nakakabawas ito ng stress

4. Kailan nagiging masama ang pagkain ng tsokolate?
   a. Kapag sobra na ang pagkain nito.
   b. Kapag ayaw mo ng kumain.
   c. Kapag masakit na ang ngipin.

5. Anong mahalagang kaalaman ang napulot mo sa tula?
   a. Nalaman ko na marami pala ang may gusto ng tsokolate.
   b. Nalaman ko na masarap pala kumain ng tsokolate.
   c. Nalaman ko na hindi lang masama ang hatid ng tsokolate sa katawan kundi marami pala itong benepisyong dulot.

# Karagdagang Gawain

**Gawain ng magulang/guro**

- Ipaliliwanag sa bata ang gawain at gabayan sa pagsagot.

**Gawain ng mag – aaral**

- Sagutin ang mga gawain

Panuto: Isulat mo ang iyong sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

Kaibigan, sapat na ba ang iyong alam sa araling ito? Magaling!

Mahilig ka ba manood ng telebisyon o di kaya ay magbasa ng libro?

Bilang isang bata na nasa ikatlong baitang magbigay ka ng impresyon o kaalaman tungkol sa sinasabi ng mga nakatatanda na "MAS MABUTI PA ANG MAGBASA KAYSA PANUNOOD NG TELEBISYON".



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. luksong tinik
2. patentiro
3. tumbang preso
4. sungka
5. piko

**Balikan**

Malayang pagsagot.
Ito ay batay sa kanilang gusto

**Tuklasin**

Malayang pagsagot.
Ito ay batay sa kanilang unang karanasan

**Tuklasin**

| Laro NOON | Laro NGAYON |
|---|---|
| | |
| Jack en Poy<br>piko<br>luksong lubid<br>tagu-taguan<br>bahay-bahayan | computer games<br>online games |

**Pagyamanin**

| A. | B. |
|---|---|
| 1. C | 1.Habulan |
| 2. C | 2.Tumbang preso |
| 3. A | 3. Patintero |
| 4. C | 4. Luksong-baka |
| 5. C | 5. Piko |

**Isaisip**

- Pagbibigay impresyon
- Nabasa
- napakinggan

**Tayahin**

1. B
2. A
3. C
4. A
5. C

**Karagdagang Gawain**

Malayang pag sagot.
Ito ay batay sa kanilang karanasan.

# *Sanggunian*

Amaflor Alde, Lea Agustin, Aireen Ambat, Josenette Brana, Florinda Cardinoza, Dolorosa Castro, Modesta Juarigue, Louiegrace Margallo, Natasha Rae Natividad, Ronald Ramilo, Cynthia Reyroso, Agnes G. Rolle, Mercelita Salazar, Jenny-Lyn Trapane, *Batang Pinoy Ako 3*, *Kagamitan ng Mag-aaral*, Pasig: Studio Graphics Corp.,2017,34-35.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph